AltaMed

PANGANGALAGANG DE-KALIDAD NA WALANG EKSEPSIYON™

ABISO SA BUOD NG MGA PRIBADONG KASANAYAN

Ipinapaliwanag ng buod na ito ang iyong mga karapatan at ilan naming mga pananagutan upang matulungan ka.

IYONG MGA KARAPATAN

Kung patungkol sa iyong impormasyong pangkalusugan, mayroon kang tiyak na mga karapatan.

Kumuha ng elektronikong papel na kopya ng iyong medikal na talaan

- Maaari kang humiling upang tingnan o kumuha ng elektroniko o papel na kopya ng iyong medikal na talaan o iba pang pangkalusugang impormasyon na mayroon kami tungkol sa iyo. Itanong sa amin kung paano gawin ito.
- Magbibigay kami ng kopya o isang buod ng iyong impormasyon sa kalusugan, kadalasan sa loob ng 15 mga araw ng iyong hiniling. Maaari kaming maningil ng makatwiran at batay-sa-gastos na bayad.
- Hilingin sa amin na iwasto ang iyong medikal na talaan
- Maaari mong hilingin sa amin na iwasto ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo na, sa iyong palagay, ay hindi tama o hindi kumpleto. Itanong sa amin kung paano gawin ito.
- Maaaring sabihin namin ng "oo" sa lahat ng mga makatuwirang kahilingan.

Humiling ng mga kompidensyal na komunikasyon

- Maaari mong hilingin sa amin na kontakin ka sa isang tiyak na paraan (halimbawa, telepono sa bahay o opisina) o magpadala ng koreo sa ibang adres.
- Sasabihin namin ng "oo" sa lahat ng mga makatuwirang kahilingan.

Hilingin sa amin na limitahan kung ano ang ginagamit o ibinabahagi namin

- Maaari mong hilingin sa amin na huwag gamitin o ibahagi ang ilang partikular na impormasyon sa kalusugan para sa paggamot, pagbabayad, o sa aming mga pagpapatakbo.
- Hindi kami kinakailangang sumang-ayon sa iyong kahilingan, at maaari naming sabihin na "hindi" kung ito ay makakaapekto sa iyong pangangalaga.
- Kung magbabayad ka nang buo para sa isang serbisyo o bagay para sa pangangalagang pangkalusugan, maaari mong hilingin sa amin na huwag ibahagi ang impormasyong iyon para sa layunin ng pagbabayad o sa aming mga pagpapatakbo sa iyong tagaseguro sa kalusugan.
- Sasabihin namin ng "oo" maliban kung kinakailangan ng isang batas na ibahagi namin ang impormasyong iyon.

Kumuha ng listahan ng kung kanino namin ibinahagi ang impormasyon

- Maaari kang humiling ng listahan (pag-uulat) ng mga panahong ibinahagi namin ang iyong impormasyon sa kalusugan sa loob ng anim na taon bago ang petsa na iyong tinanong, kanino namin ito ibinahagi, at bakit.

Kumuha ng isang kopya ng abiso sa pagkapribado na ito

- Maaari kang humiling ng isang papel na kopya nitong abiso sa anumang oras, kahit na pumayag kang makatanggap ng abiso sa elektronikong paraan. Bibigyan ka namin ng papel na kopya kaagad.

Pumili ng taong kikilos para sa iyo

- Kung binigyan mo ang isang tao ng kapangyarihang medikal o kung ang isang tao ay iyong legal na tagapag-alaga, maaaring gamitin ng taong iyon ang iyong mga karapatan at gumawa ng mga pagpipilian tungkol sa iyong impormasyon sa kalusugan.
- Titiyakin namin na ang taong iyon ay may awtoridad dito at maaaring kumilos para sa iyo bago kami gumawa ng anumang aksyon.

Maghain ng reklamo kung sa tingin mo ay nilabag ang iyong mga karapatan

- Maaari kang magreklamo kung sa tingin mo ay nilabag namin ang iyong mga karapatan sa pamamagitan ng pagkontak sa amin gamit ang pagkontak ng Opisyal sa Pagkapribado sa ibaba.

AltaMed Health Services Corporation
Attention: Privacy Officer
2040 Camfield Avenue
Los Angeles, CA 90040
(888) 499-9303
altamedprivacyoffice@altamed.org

- Maaari ka ring magsampa ng reklamo sa Opisina ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Kalusugan at Pantao para sa Karapatang Sibil ng U.S. sa pamamagitan ng pagbisita sa: **www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/**

Hindi kami gaganti sa iyo para sa pagsasampa ng reklamo.

Para sa tiyak na impormasyon sa kalusugan, maaari mong sabihin sa AltaMed ang iyong mga pagpipilian tungkol sa anong ibabahagi namin. Kung mayroon kang isang malinaw na kagustuhan para sa kung paano namin ibabahagi ang iyong impormasyon sa mga sitwasyong inilarawan sa ibaba, makipag-usap sa amin. Sabihin sa amin kung ano ang nais mong gawin namin, at susundin namin ang iyong mga tagubilin.

Sa mga kasong ito, pareho kang may karapatan at kagustuhan upang sabihin sa amin na:

Magbahagi ng impormasyon sa iyong pamilya, malalapít na kaibígan, o iba pang mga kasangkot sa iyong pangangalaga.

Para sa mga layuning pangangalakal:

Karamihan sa mga paggamit at pagbabahagi ng iyong Protektadong na Impormasyon sa Kalusugan (Protected Health Information, PHI) para sa mga layuning kalakalan ay mangangailangan ng iyong paunang nakasulat na awtorisasyon, na may ilang mga pagbubukod tulad ng mga pangangalakal para sa mga produkto, mga serbisyo, o mga pagbabago sa tagapagbigay na may kaugnayan sa kalusugan.

Sa kaso ng pangangalap ng pondo:

Maaari kaming makipag-ugnayan sa iyo upang magbigay ng impormasyon tungkol sa mga aktibidad na ini-sponsor ng AltaMed, kabilang ang mga programa at mga kaganapan sa pangangalap ng pondo. Maaari mong tanggihan ang pagtanggap ng mga komunikasyon sa pangangalap ng pondo anumang oras sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa aming Sentro ng Serbisyo ng Pasyente sa **(888) 499-9303** o tumugon sa anumang komunikasyon na may kahilingang tumanggi. Ang iyong desisyon ay walang epekto sa iyong paggamot o pagbabayad para sa mga serbisyo.

Karaniwang ginagamit o ibinabahagi ng AltaMed ang iyong impormasyon sa kalusugan sa mga sumusunod na paraan.

Gamutin ka

Maaari naming gamitin ang iyong impormasyon sa kalusugan at ibahagi ito sa iba pang mga propesyonal na gumagamot sa iyo.

Patakbuhin ang aming organisasyon

Maaari naming gamitin at ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan upang mapatakbo ang aming kasanayan, mapabuti ang iyong pangangalaga, at kontakin ka kung kinakailangan.

Pagsingil para sa iyong mga serbisyo

Maaari naming gamitin at ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan upang singilin at makatanggap ng pagbabayad mula sa mga planong pangkalusugan o iba pang mga entidad.

Tulong sa mga isyu sa pampublikong kalusugan at kaligtasan

Maaari naming gamitin at ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan para sa: paghahadlang ng sakit, pag-uulat ng pinaghihinalaang pang-aabuso, pagpapabaya, o karahasan sa tahanan, paghahadlang o pagbabawas ng isang seryosong banta sa kalusugan o kaligtasan ng sinuman.

Magsagawa ng pananaliksik

- Maaari naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan upang magsagawa ng pananaliksik sa pangangalagang pangkalusugan.

Sumunod sa batas

- Ibabahagi namin ang impormasyon tungkol sa iyo kung kinakailangan ito ng mga estado o pederal na batas, kabilang ang Kagawaran ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao, kung gusto nitong makita na sumusunod kami sa pederal na batas sa pagkapribado.

Makipagtulungan sa isang medikal na tagasuri o direktor ng punerarya

- Maaari kaming magbahagi ng impormasyon sa kalusugan sa isang coroner, medikal na tagasuri, o direktor ng punerarya kapag namatay ang isang indibidwal.

Tugunan ang kabayaran ng mga manggagawa, pagpapatupad ng batas, at iba pang mga kahilingan ng pamahalaan

- Maaari naming gamitin o ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo: para sa mga paghahabol sa kompensasyon ng mga manggagawa, para sa mga layunin ng pagpapatupad ng batas o sa isang opisyal ng pagpapatupad ng batas, kasama ang mga ahensya ng nangangasiwa sa kalusugan para sa mga aktibidad na pinahihintulutan ng batas, para sa mga espesyal na mga tungkulin ng pamahalaan tulad ng militar, pambansang seguridad, at mga serbisyong pamproteksiyon ng pangulo.

Tumugon sa mga demanda at mga legal na aksyon

- Maaari kaming magbahagi ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo bilang tugon sa isang utos ng korte o administrasyon, o bilang tugon sa isang subpena.

Inaatasan kami ng batas na panatilihin ang pagkapribado at seguridad ng iyong protektadong impormasyon sa kalusugan

- Ipapaalam namin kaagad sa iyo kung may naganap na paglabag na maaaring nakompromiso ang pagkapribado o seguridad ng iyong impormasyon.
- Hindi namin gagamitin o ibahagi ang iyong impormasyon bukod sa nailarawan dito maliban kung sasabihin mo sa amin na maaari ito sa pamamagitan ng pagsulat. Kung sasabihin mo sa amin na magagawa namin, maaari mong baguhin ang iyong isip anumang oras. Ipaalam sa amin sa pagsulat kung nagbago ang iyong isip.
- Dapat naming sundin ang mga tungkulin at mga kasanayan sa pagkapribado na inilarawan sa abisong ito at bibigyan ka ng isang kopya nito.
- Maaari naming baguhin ang mga tuntunin ng abisong ito, at ang bagong abiso ay makukuha kapag hiniling.

Upang makatanggap ng isang detalyadong kopya ng abisong ito, maaari mong kontakin ang:

- Opisyal ng Pagkapribado ng AltaMed
- Ang klinika kung saan nakatanggap ka ng pangangalaga

Upang tingnan ang pinakabagong Abiso ng mga Kasanayan sa Pagkapribado, bisitahin ang www.AltaMed.org/regulatory-notices o i-scan ang QR code na ito:

Abiso ng Buod ng mga Pribadong Kasanayan Epektibo Petsa 6/15/23

PROJ14193.KN.0623